BY-LAW NG CUP – ENERO 1, 2022
MGA MADALAS ITANONG

Saan ko mahahanap ang by-law ng cup?

Ang mga patakarang namamahala sa mga single-use na cup ng inuming ay nasa serye ng pag-amyenda sa By-law ng Lisensiya Num. 4450. Ang mga pag-amyenda sa by-law na ito ay makikita sa vancouver.ca/cups at kasama ang:

- **By-law 12622 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa mga single-use na cups)**
- **By-law 12844 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa petsa ng bisa ng mga inaatas para mga single-use na cup inumin)**

Ang pinagsamang By-law ng Lisensiya Num. 4450 ay makikita sa vancouver.ca/your-government/licence-bylaw

Bakit ire-regula ang mga single-use na cup ng inumin?

Ang by-law ng cup sa ay bahagi ng pangkat ng mga pagkilos na ginagawa ng Lungsod para mabawasan ang basurang single-use item habang nagtatrabaho tayo patungo sa pagiging zero-waste na komunidad sa pagsapit ng 2040. Ang mga single-use cup ay bumubuo ng labing-limang porsiyento ng malaking kalat sa mga kalye ng Vancouver. Noong 2018, mga 82 milyong single-use cup ang itinapon sa basura sa Vancouver. Dito, 51% ay mga papel na cup para sa maiinit na inumin, 25% ay mga papel na cup para sa malalamig na inumin at 24% ay mga plastic cup.

Bakit nakatakda ang minimum na bayad para sa mga single-use cups sa $0.25?

Ang bayad ay nakaayon sa mga ibang lugar na naglilimita sa mga single-use cup, tulad ng University of British Columbia sa Berkeley, California, at sapat ang pagkakatakda para mabigyan ng insentibo ang mga kostumer na piliin ang mga muling magagamit na cup. Tulungan ang mga kostumer mong maiwasan ang bayarin at bawasan ang basura sa pamamagitan ng paglalaan ng mga muling magagamit na cup para lalagyan ng inumin, lumahok sa programang pagbabahagi ng muling magagamit na cup, at hinihikayat ang mga kostumer na magdala ng sarili nilang muling magagamit na cup.

Habang nagsasagawa tayo ng mga hakbang para mabawasan ang basura mula sa mga single-use item sa panahon ng COVID-19, nagtrabaho tayo para masiguro na ang lahat ng by-law natin ay naaayon sa pinakabagong pampublikong patnubay sa kalusugan at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente, mga negosyo at kanilang mga kawani.

Para sa mga pinakabagong pangkalusugang inaatas para sa COVID-19 at mga dulugan, mangyaring pumunta sa:

- Webpage ng Provincial Health Officer para sa mga kautusan, abiso at patnubay.
- British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC), kasama ang web page ng food business.
- Web page ng Vancouver Coastal Health para sa kalusugan ng kapaligiran at mga inspeksiyon.
- Work Safe BC.

Ang mga bayad ba sa mga single-use cup ay sasailalim sa GST at PST?

Oo.

Pwede bang sumingil ang mga nagtitinda ng pagkain ng mas malaki kaysa sa minimum na $0.25 na bayad sa mga single-use cup?

Oo. Maaaring piliin ng mga nagtitinda ng pagkain na sumingil ng mas malaki sa $0.25 sa bawat single-use cup sa kundisyon na ang mga bayad ay maipaalam sa mga kostumer ayon sa inaatas ng by-law.

Ang mga nagtitinda ba ng pagkain ay kailangang sumingil ng magkakaibang bayarin sa magkakaibang size o klase ng mga cup?

Hindi. Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat sumingil ng hindi bababa sa $0.25 sa bawat single-use cup na pinamahagi, anuman ang size o klase. Subalit, ang mga nagtitinda ng pagkain ay maaaring piliing sumingil ng mas malaki sa $0.25 para sa magkakaibang size o klase ng cup.

Kapag ang mga kostumer ay humingi ng "dobleng cup," dapat bang singilin ng mga nagtitinda ng pagkain ang bayad sa cup ng dalawang beses?

Oo. Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat sumingil ng minimum na $0.25 fee sa bawat single-use cup na pinamahagi.

Ang bayad ba sa cup ay kailangang singilin sa bawat cup na kasama ng mga carafe?

Oo. Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat sumingil ng minimum na $0.25 fee sa bawat single-use cup na pinamahagi kasama ang mga cup na kasama ng mga carafe.

Kailangan ba ang mga bayad para sa plastik na takip ng cup?

Hindi.

Puwede pa rin bang maghandog ng mga diskuwento para sa mga kostumer na may dala o pumili ng mga muling magagamit na cup?

Oo. Subalit, ang mga diskuwento para sa mga muling magagamit na cup ay hindi kapalit ng mga bayad. Ang mga nagtitinda ng pagkain na naghahandog ng mga diskuwento ay dapat pa ring sumingil ng hindi bababa sa $0.25 para sa bawat single-use cup na pinamahagi.

Sino ang nagtatago ng mga bayad mula sa mga single-use cup? Ang kita ba mula sa bayad sa cup ay pinadadala sa Lungsod?

Mananatili sa mga nagtitinda ng pagkain ang lahat ng kita mula sa mga bayad sa single-use cup. Hindi ibibigay sa Lungsod ang mga bayad.

Ano ang dapat gawin ng mga nagtitindad ng pagkain sa mga bayad na nakolekta sa mga single-use cup?

Ang mga nagtitinda ng pagkain ay hinihikayat na gamitin ang mga bayad para:

- Mamuhunan sa mga muling magagamit na alternatibo para sa mga single-use item, tulad ng mga muling magagamit na cup para lagyan ng mga inumin at mga komersiyal na dishwasher.
- Lumahok sa mga programa ng hiraman ng muling magagamit na cup.
- Takpan ang gastos sa pagsunod sa by-law ng cup, tulad ng mga software update, pagsasanay sa kawani, atbp.

Kailangan bang abisuhan ng mga nagtitinda ng pagkain ang mga kostumer ko sa minimum na bayad sa mga single-use cup?

Oo. Lahat ng mga bayad sa cup ay dapat ipakita sa mga menu board, menu at internet-based na platform sa pag-order, at dapat ipakita bilang hiwalay na item sa linya sa anumang mga resibong Ibinibigay sa mga kostumer sa pamamagitan ng paggamit ng pananalitang tulad ng “CUP FEE”.

Kailangan bang magbigay ang mga nagtitinda ng pagkain ng resibo kapag bumili ng mga inumin?

Hindi. Ang by-law ng cup ay hindi nangangailangan na ang mga nagtitinda ng pagkain para magbigay ng resibo para sa mga biniling inumin. Subalit, kapag at kailan nagbigay ng resibo, dapat siguruhin ng mga nagtitinda ng pagkain na ang mga bayad sa cup ay pinapakita bilang hiwalay na item sa linya sa resibo, sa paggamit ng pananalitang “CUP FEE”.

Ano ang kailangang gawin ng mga nagtitinda ng pagkain para iulat ang taunan nilang pamamahagi ng mga cup?

Simula sa pag-renew ng lisensiya ng negosyo para sa 2023, ang dami ng mga single-use cup na pinamahagi sa bawat lisensiyadong lokasyon sa nakaraang 12 buwan ay dapat iulat sa Lungsod, maliban kung ang lokasyon ay lumalahok sa programang reusable cup-share nagsimula nung anumang oras sa nakaraang taon at naikomunika sa mga kostumer sa punto ng pagbebenta.

Nirerekomenda namin na ang mga nagtitinda ng pagkain ay magtalaga ng sistema para masubaybayan ang bilang ng mga single-use cup na pinamahagi sa bawat taon. Kasama ng mga halimbawa ang mga electronic point of sale (POS) system, o pagbilang kung ilang cup ang nasa imbentaryo sa simula at katapusan ng taon.

Ano ang programang reusable cup-share?

Ang programang reusable cup-share ay nagpapahintulot sa mga kostumer na matanggap ang inumin nila sa muling magagamit na cup na madadala nila to-go, at maibabalik sa negosyo o ibang iwanang lokasyon sa ibang oras. Ito ay tulad ng hiraman ng kotse o hiraman ng bisikleta, pero para sa mga cup.

Kung ang nagtitinda ng pagkain ay may programang reusable cup-share sa ilan, pero hindi sa lahat, ng mga lokasyon sa Vancouver, kailangan ba nilang iulat ang dami ng cup na pinamahagi?

Oo. Inaatasan ang mga nagtitinda ng pagkaing iulat ang bilang ng mga single-use cup na naipamahagi sa bawat lokasyon na may lisensiya ng negosyo sa Vancouver na hindi naghahandog ng programang reusable cup-share.

Halimbawa, kung ang nagtitinda ng pagkain ay may dalawang lokasyon sa Vancouver pero naghahandog lang ng programang reusable cup-share sa isa nito, ang nagtitinda ng pagkain ay inaatasan lang na iulat ang bilang ng mga single-use cup na pinamahagi sa lokasyon na hindi naghahandog ng hiraman ng cup.

Ang $0.25 na bayad ba at mga inaatas sa pag-uulat ay mailalapat sa mga single-use cup na ginamit para maghain ng bubble tea?

Oo.

Ang mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain ba ay inaatasang sumunod sa by-law ng cup?

Kung ang negosyo ay nagbibigay lang ng mga serbisyo sa paghahatid at hindi nagbebenta ng nakahandang pagkain, ang by-law na ito ay hindi direktang mailalapat sa kanila. Subalit, ang mga nagbebenta ng pagkain na nasa Vancouver ay dapat sumunod sa by-law ng styro, kasama ang mga benta sa pamamagitan ng mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain. Lahat ng mga tagapaglaan ng serbisyong paghahatid ng pagkain ay dapat mag-update ng kanilang online, mobile at teleponong plataporma sa pag-order para masiguro na ang mga nagtitinda ng pagkain sa Vancouver ay sisingil ng minimum na $0.25 na bayad sa mga single-use na cup.

Ang mga kawanggawa ba at mga not-for-profit ay kailangang sumingil ng $0.25 bayad sa mga cup at iulat ang bilang na naipamahagi?

Ang mga nakarehistrong kawanggawa o not-for-profit na korporasyon ay hindi inaatas para sumingil ng bayad sa, o iulat ang bilang ng mga single-use cup na ginamit para maglaan ng mga kawanggawang serbisyo ng pagkain. Ang ibig sabihin ng “mga kawanggawang serbisyo ng pagkain” ay pagbibigay ng libre o murang pagkain ng organisasyon na naka-incorporate at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Batas sa Income Tax.

Subalit, ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon ay dapat singilin ang bayad sa cup at iulat ang bilang ng mga cup na pinamahagi sa layunin maliban sa paglalaan ng mga kawanggawang serbisyo sa pagkain.

Sino at ano ang hindi kasama sa by-law ng cup?

Mga ospital at mga community care facility: Ang by-law ng cup ay hindi para sa mga serbisyong pagkain para sa mga pasyente sa mga ospital o mga residente ng mga community care facility. Subalit, ang by-law ng mga kubyertos ay hindi mailalapat sa mga nagbebenta ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na nasa mga ospital o community care facility (halimbawa" mga kapeterya, kapihan) na naghahain ng inumin sa mga single-use.

Mga kawanggawang serbisyong pagkain: Ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon[1] ay hindi inaatasang sumingil ng bayad sa mga single-use cup na ginamit para magbigay ng inumin nang libre o mura, o iulat ang bilang ng cups na ginamit para sa layuning ito.

Pagkaing hinain sa cup: Ang bayad sa cup at mga inaatas sa pag-ulat ay hindi mailalapat sa mga single-use cup na ginamit para maghain ng handang pagkain, tulad ng sopas, pudding, mga frozen dessert atbp.

Pagtitinda ng pakete ng mga single-use cup sa mga tindahan: Pinapayagan pa rin ang mga retailer na magtinda ng mga pakete ng 6 man lang na single-use na cups na binibenta para sa personal na paggamit.

Bakit hindi kasama ang mga ospital at communty care facility mula sa by-laws ng cup?

Ang hindi kasama sa by-law para sa mga ospital at mga community care facility ay nagbibigay sa mga pangkalusugang organisasyon ng kakayahang umayon para matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan para matugunan ang kontrol sa impeksiyon, kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, at mga pamantayan sa pangangalaga sa pasyente. Halimbawa, ang ilang single-use item ay kailangan para maghain ng mga hinandang pagkain sa mga pasyente ng ospital para mabawasan ang peligro sa pagkalat ng mga impeksiyon, at ang single-use na plastic na kubyertos ay ang mas nais na opsiyon sa mga psychiatric unit para matugunan ang mga pangkaligtasang alalahanin.

Alam ng Lungsod na iniimbestigahan ng mga pangkalusugang organisasyon ang mga oportunidad para mabawasan ang distribusyon ng mga single-use item sa pangangalaga sa kalusugan sa patuloy na batayan.

[1] Ang mga organisasyon ay dapat i-incorporate at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Income Tax Act para maging kuwalipikado para sa eksempsiyon sa mga kawanggawang serbisyong pagkain.

Paano ipinatutupad ng Lungsod ang by-law ng cup?

Dahil sa mga nakakapagpahina ng mga pangyayari ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang outreach at edukasyon para masiguro na ang mga nagtitinda ng pagkain ay may suportang kailangan nila sa mga by-law ng single-use item. Kung makitang hindi sumusunod ang negosyo sa mga by-law ng single-use item na ipinatutupad, ang mga unang pagkilos ng Lungsod ay tututok sa edukasyon, outreach at suporta para matulungan silang sumunod.

Kasunod ng unang pang-edukasyong pagkilos na ito para makamit ang pagsunod, pagdagdag ng mga lebel ng pagpapatupad ay maaaring ilapat para matugunan ang hindi sumusunod na nagpapatakbo. Maaaring kasama sa pagpapatupad ang pagbibigay ng mga ticket, na may multang $500 sa bawat paglabag, o higit na prosekusyon sa probinsiyal na korte na maaaring sumailalim sa maximum na multang $10,000 sa bawat paglabag. Ang patuloy na hindi pagtupad ay maaari lang magresults sa mga pagsuspinde sa lisensiya ng negosyo, o mga rekomendasyon para sa pagbawi ng lisensiya ng negosyo.

Para sa mga pinakabagong update sa pagpaaptupad, pumunta sa vancouver.ca/reduce-single-use

Ang mga muling magagamit na cup ba ay pinahihintulutan sa pandemyang COVID-19?

Sa ilalim ng kasaluluyang patnubay ng BC Centre for Disease Control at Vancouver Coastal Health, ang mga nagtitinda ay makakapagbigay ng muling magagamit na cups at matatanggap ang mga muling magagamit na cups sa pandemyang COVID-19, ipadokumento sa mga nagtitinda ng pagkain ang patakaran nila sa tindahan at sundin ang mga inaatas na pamamaraan sa prebensiyon.

Anong mga pamamaraan ang magagamit ng mga nagtitinda ng pagkain para ligtas ng matanggap ang mga muling magagamit na cup ng mga kostumer sa panahon ng pandemyang COVID-19?

Nagtrabaho ang Lungsod kasama ng Vancouver Coastal Health para masiguro na ang “contactless cup” na pamamaraan ay magagmit para maghain ng inumin sa mga mga muling magagamit na cup ng mga kostumer. Ginagamit ng mga kapihan at restawran sa buong mundo, ang mga pamamaraang ito ay ligtas sa pagtanggap ng mga mulingmagagamit na cup sa panahon ng pandemyang COVID-19 at pinahihintulutan ng Vancouver Coastal Health. Pumunta sa vancouver.ca/cups para sa mga pamamaraang ito sa walang kontak na cup, at mga poster na magbibigay sa mga kostumer mo ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraang ito at mga payo para mapanatiling malinis ang kanilang mga muling magagamit na cup.

Paano mahihikayat ng mga negosyo, kawanggawa at mga non-profit ang mga kostumer nilang magdala ng mga muling magagamit na cup?

Ang aming toolkit para sa by-law ng single-use item ay may kasamang mga dulugan na tulad ng poster at mga social media post para hikayatin ang mga kostumer na magdala ng malilinis na muling magagamit na cup, kasama ang mga payo sa paglilinis mula sa Vancouver Coastal Health. Pumunta sa vancouver.ca/cups para i-download ang mga dulugang ito.